2008 na Edisyon

# Unawain ang SSI: Tungkol sa Kita Mula sa Arts (Sining)

*Ako ay isang artist na tumatanggap ng mga benepisyo sa SSI.*

## Paano ninyo isasama sa pagkalkula ng aking mga benepisyo sa SSI ang perang natatanggap ko para sa aking artwork?

*Ito'y depende sa uri ng iyong trabaho sa arts.*

- Kung ikaw ay nagtratrabaho bilang empleyado ng isang tao upang gumawa ng artwork, ang pera ay ituturing na mga sahod.
- Kung ikaw ay may maliit na negosyo, ang pera ay ituturing na mga kita mula sa self-employment (sariling empleyo).
- Kung ikaw ay hindi empleyado at hindi rin self-employed bilang isang artist, ang anumang pera na makukuha mo para sa iyong artwork ay ituturing na "hindi kinitang" **kita** sa buwan na nakuha mo ito.

Ito ay tinatawag na "hindi kinitang" **kita** dahil hindi mo nakukuha ang pera mula sa empleyo o self-employment.

Bagama't maaaring kailangan naming bawasan ang iyong mga benepisyo sa SSI kapag tumatanggap ka ng ibang **kita**, hindi namin isinasama ang lahat ng iyong **kita**. Kaya't madalas ay mas marami kang pera sa kahulihan.

## Paano naaapektohan ng mga sahod ang aking mga benepisyo sa SSI?

Kapag ikaw ay may mga sahod, titingnan namin ang iyong gross (walang bawas) na buwanang halaga.

Mula sa halagang iyon:

- ibabawas namin ang unang $65; at
- pagkatapos ay ibabawas namin ang kalahati ng natitira.

Maaaring umaplay ang ibang mga pagbabawas.

- Kung ang iyong mga kita ay ang iyong iisang kita (maliban sa iyong mga benepisyo sa SSI), ibabawas namin ang $20 bawat buwan mula sa iyong mga kita.
- Kung ikaw ay isang estudyante na wala pang 22 taong gulang, karaniwang mas malaki ang maibabawas naming mga kita mo, na mapapailalim sa mga buwanan at taunang limit.
- Kung ikaw ay may kapansanan ngunit hindi bulag, ibabawas namin ang mga gastos mo dahil sa iyong kapansanan na nagpapahintulot sa iyo na magtrabaho (wheelchair, prosthesis, mga gamot, atbp.).
- Kung ikaw ay bulag, ibabawas namin ang lahat ng iyong mga gastos sa trabaho (mga tax, mga pananghalian, transportasyon, atbp.).
- Kung ikaw ay may inaprubahang **Plan to Achieve Self–Support (PASS)**, ibabawas namin ang alinman sa iyong **kita** na ginagamit upang matugunan ang iyong inaprubahang layunin sa trabaho.

Pagkatapos ibawas ang mga halagang ito, babawasan ng mga natitirang sahod ang iyong mga benepisyo sa SSI. Ngunit dahil lagi naming isinasama sa pagkalkula ang mas kaunti sa kalahati ng iyong mga kita, mas marami kang pera sa kahulihan.

## Paano naaapektohan ng mga kita mula sa sariling empleyo ang aking mga benepisyo sa SSI?

Ibabawas mo ang iyong mga gastos sa negosyo sa Schedule C ng iyong Federal income tax return. Pagkatapos ay kakalkulahin mo ang iyong "mga netong kita mula sa self-employment" sa Schedule SE.

Pantay-pantay naming hinahati ang mga netong kitang iyon sa mga buwan sa iyong taxable na taon. Para sa bawat buwan, ibabawas namin ang mga parehong pagbabawas na umaaplay sa mga sahod.

Nababawasan ng natitirang halaga ng iyong netong kita ang iyong mga benepisyo sa SSI. Ngunit dahil lagi naming isinasama ang mas kaunti sa kalahati ng iyong mga netong kita, mas marami kang pera sa kahulihan.

## Kung sumosobra na ang aking kinikita mula sa aking artwork upang patuloy na makakuha ng mga benepisyo sa SSI, mawawalan ba ako ng Medicaid coverage?

Hindi kinakailangan. Kung ang iyong **kita** mula sa art ay mula sa mga sahod o self-employment, karaniwang magpapatuloy ang iyong Medicaid coverage hangga't kaya mo nang bayaran ang katulad na coverage.

At kung bumaba ang iyong mga kita sa darating na panahon, maaaring makakuha ka muli ng mga benepisyo sa SSI nang hindi nagfa-file ng isang bagong aplikasyon.

## Paano naaapektohan ng "hindi kinitang" kita ang aking mga benepisyo sa SSI?

Tinitingnan namin ang gross amount (buong halagang) natanggap mo. Pagkatapos ay ibinabawas namin ang anumang mga gastos na mayroon ka sa paggawa ng **kita** (art supplies, papel, atbp.). Ang mga gastos na ito ay tinatawag naming iyong "mga gastos sa pagkuha ng **kita**." Ibinabawas din namin ang $20 mula sa iyong kabuuang **kita** bawat buwan. Binabawasan ng natitirang **kita** ang iyong mga benepisyo sa SSI.

Ang karamihan ng mga pagbabawas na nakalista sa itaas na umaaplay sa mga suweldo at mga kita mula sa self-employment ay hindi umaaplay sa "hindi kinitang" **kita**. Kaya ang "hindi kinitang" **kita** ay kadalasang nagiging sanhi ng mas malaking pagbawas sa iyong mga benepisyo sa SSI. Ngunit kadalasan ay mas marami kang pera sa kahulihan.

## Naaapektohan ba ang aking mga benepisyo sa SSI ng isang gawad na matatanggap ko para sa aking nakamit sa arts?

Sa ilalim ng batas, ang mga anumang klaseng gawad ay "hindi kinitang" **kita** sa buwan kung kailan mo sila nakuha. Kung ginastos mo ang pera sa buwan kung kailan mo ito nakuha, ang iyong mga benepisyo sa SSI ay karaniwang apektado lamang sa buwang iyon. Ngunit ang anumang perang itinago mo pagkatapos ng buwan kung kailan mo ito nakuha ay ituturing na isang **pag-aari** para sa mga layunin ng SSI basta nasa iyo ito.

Ang limit ng SSI sa mga **pag-aari** ay $2,000 ($3,000 kung ikaw ay may asawa). Kung ang iyong **mga pag-aari** ay lampas sa limit sa anumang buwan, hindi ka kwalipikado para sa mga benepisyo sa SSI.

## Naaapektohan ba ng apprenticeship grants at fellowship grants ang aking mga benepisyo sa SSI?

Ang grants na natatanggap mo para sa pag-aaral ay hindi isasama sa pagkalkula ng iyong mga benepisyo sa SSI basta ang pera ay ginamit para sa pangmatrikula, fees, at mga kinakailangang gastos sa edukasyon. Ngunit ang anuman sa perang ginamit mo para sa ibang bagay, kabilang ang iyong pagkain at shelter, ay isasama sa pagkalkula ng iyong "hindi kinitang" **kita** sa buwan na natanggap mo ang pera.

At kung hindi mo ginastos ang grant na pera sa buwan kung kailan mo ito nakuha, ito ay isasama sa pagkalkula ng iyong **pag-aari** basta itinatago mo ang pera. (Ang grants, scholarships at mga pang-edukasyon na regalo na natanggap pagkatapos ng ika-1 ng Hunyo 2004 ay hindi isasama sa pagkalkula ng **pag-aari** para sa **siyam na buwan** pagkatapos mo silang natanggap.)

Ang ilang perang natanggap mo sa ilalim ng Title IV ng Higher Education Act of 1965 o mula sa Bureau of Indian Affairs ay hindi kasama sa **kita** at **mga pag-aari** paano mo man sila gamitin.

Kung tumatanggap ka ng isang grant upang tumulong bigyan ng training ang isang artist, at ang training sa artists ay bahagi ng iyong negosyo bilang isang taong self-employed, ang grant ay ituturing na bahagi ng iyong mga kita mula sa self-employment. Kung hindi, ang pera (bawas ang anumang mga kinakailangang gastos) ay ituturing na iyong "hindi kinitang" **kita** sa buwan kung kailan mo ito natanggap.

## Itinuturing bang isang pag-aari ang supplies at ibang pag-aari na kailangan ko upang gawin ang aking artwork?

Malamáng na hindi. Sa karamihan ng kaso, ang pag-aari na ginagamit mo upang makatulong suportahan ang iyong sarili ay hindi isinasama, at mapapailalim sa ilang mga limit. Ito'y tinatawag naming "pag-aari na mahalaga upang suportahan ang sarili."

## Paano ko maiiwasan ang sobrang pagbabayad ng SSI kapag kumita ako mula sa aking artwork o kapag ako'y nakakuha ng gantimpala o study grant?

Ang pinakamahusay na paraan upang maiwasan ang sobrang bayad ay ang kausapin kami oras na nalaman mong tatanggap ka ng pera. Maaari naming ipaliwanag sa iyo kung paano gumagana ang mga patakaran at kung paano maiwasan o gawing maliit ang halaga ng isang **sobrang bayad**. Maaari mo kaming tawagan sa **1–800–772–1213**.

Dapat mong sabihin sa amin kaagad tuwing nagbabago ang iyong **kita**. Kung hindi, maaaring sobra ang ibayad naming SSI sa iyo, at maaaring kailangan mo itong isauli.

Tandaan din na gumawa ng listahan ng iyong mga gastos kapag may ginawa kang art. Kung hindi namin alam ang iyong mga gastos, hindi namin sila maaaring ibawas mula sa iyong **kita**.

## Matutulungan ba ako ng Social Security na idibelop ang aking kakayahang kumita mula sa aking artwork?

Sa kasamaang palad, hindi ka namin mabibigyan ng mga grant o mga pautang para sa training o supplies. Gayunman, kung ikaw ay mayroon ng kaunting **kita** bukod sa iyong mga benepisyo sa SSI, maaaring mabigyan ka namin ng mga karagdagang benepisyo sa SSI kung ginamit mo ang iyong ibang **kita** upang magdibelop bilang isang artist o upang magsimula ng isang negosyo. Tingnan ang SSI Spotlight sa **Plans to Achieve Self–Support (PASS)**.

## Mayroon bang ibang mga SSI spotlight na dapat kong basahin?

Oo. Mayroong mga SSI Spotlights tungkol sa ilang mga paksa na itinalakay sa spotlight na ito:

- **Ang Patuloy na Pagiging Kwalipikado para sa Medicaid para sa Mga Taong Nagtratrabaho (Seksyon 1619(b))**
- **Impairment Related Work Expense (Mga Gastos na May Kinalaman sa Kapansanan) (IRWE)**
- **Plans to Achieve Self–Support (PASS)**
- **Ari-arian na Kailangan mo Upang Suportahan ang Sarili**
- **Mga pag-aari**
- **Tanging Patakaran Para sa Mga Bulag Na Nagtratrabaho**
- **Student Earned Income Exclusion**

Ang mga spotlight na ito ay makukuha rin sa anumang tanggapan ng Social Security o sa aming web site sa **www.socialsecurity.gov/pubs/faxindx1.html**, o maaari mo kaming hilinging IFAX sila sa iyo sa pamamagitan ng pagtawag sa libreng matatawagang numero, 1–888–475–7000, mula sa isang touch–tone na telepono.